

Plano para sa Pagbangon

Ang Epekto ng COVID-19 sa kalayaan ng media, kaligtasan ng mamamahayag at kakayahang buhayin at pasiglahin ang industriya ng media sa Timog-silangang Asya



Introduksyon

Ang COVID-19 na pandemya ay naglantad at nagpalala sa napakaraming hamon na kasalukuyan nang kinakaharap ng mga mamamahayag sa Timog Silangang Asya. Sila'y kumakaharap sa ilang partikular na mga hadlangin - hadlang sa kanilang kalayaan na ituloy ang pangangalap ng ulat at balita, sa kanilang kaligtasan at seguridad sa gitna ng mga banta sa kanilang pangkalahatang kalusugan at kagalingan, at ang posibilidad na mabuhay ang operasyon ng mga media. Mahalagang mabilis na magsiyasat at kumilos upang masakatuparan ang mga kongkretong hakbangin upang suportahan ang mga mamamahayag bilang bahagi ng isang plano tungo sa pagbangon ng media sa Timog Silangang Asya.

Ang draft na plano sa pagbangon na ito ay ginawa bilang bahagi ng proyekto ng pananaliksik na "Ang Epekto ng COVID-19 sa kalayaan ng media, kaligtasan ng mamamahayag at kakayahang buhayin at pasiglahin muli ang industriya ng media sa Timog-silangang Asya", na pinamamahalaan ng Public Media Alliance (PMA) kasama ng Asia Democracy Network (ADN), at may suporta mula sa UNESCO Bangkok at UNESCO's International Program for the Development of Communications (IPDC).

Ang plano ay nagtataglay ng mga rekomendasyon sa rehiyonal na antas na mga hakbangin upang mapabuti ang kalayaan ng media, kakayahang buhayin at pasiglahin muli ang industriya ng media, at kaligtasan ng mga mamamahayag sa Timog-silangang Asya, batay sa

mga resulta ng pananaliksik ng proyekto.

Kasama sa plano ang ilan sa mga mahahalagang puntong nabanggit bilang bahagi ng pananaliksik at feedback ng PMA mula sa mga stakeholder ng media sa rehiyon. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- ▶ Pagtatatag ng panrehiyong (non-governmental) na forum upang itaguyod ang kapakanan, kaligtasan, at kalayaan ng mga mamamahayag.
- ▶ Pagpapalakas ng koordinasyon at komunikasyon sa pagitan ng mga estado, patungkol sa media
- ▶ Pagsusuri sa epekto ng digitalization, lalo na sa epekto ng social media.
- ▶ Pagpapalakas ng pakikipagtulungan upang makagawa ng de-kalidad at cost-effective na content
- ▶ Pagpapalakas ng pampublikong 'buy-in' - pagsuporta sa pinahusay na digital media literacy, na mas magbibigay-daan sa mga mamamayan na malaman ang disinformation at baluktot na mga balita.

Ang sumusunod na draft na plano ay maaaring gamitin bilang isang template upang mapabuti ang estratehikong kooperasyon ng mga taga-media sa buong Timog-Silangang Asya, na maaaring magbibigay-daan sa pagpapalakas ng kapasidad upang makabawi at makapanatili sila habang pandemya, at pagtapos nito.

1. Kalayaan ng Media

- ▶ Protektahan, isulong, at itaguyod ang isang malaya at independiyenteng media sa rehiyon sa pamamagitan ng pagsuporta sa pagpapakilala ng mga batas at patakaran na nagbibigay-daan sa isang malayang media. At sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga mekanismo tulad ng mga institusyon, programa at badyet para sa pagsubaybay at pag-uulat sa mga pagbabanta, panliligalig, at karahasan laban sa mga mamamahayag.
- ▶ Tiyakin ang independyente, may pananagutan, at epektibong media na pang-serbisyo publiko
- ▶ Suportahan ang alternatibong media upang makatulong ito sa gawain ng mga independiyenteng mainstream media outlet at punan ang mga pangangailangan sa impormasyon.
- ▶ Isulong ang digital media literacy para maiwasan ang mis- at disinformation.
- ▶ Humiling sa mga rehiyonal at internasyonal na organisasyon na sumusuporta sa demokrasya na tumulong sa mga independiyenteng media outlet at mga kaugnay na institusyon sa rehiyon.
- ▶ Buuin at ipagpatuloy ang panrehiyong pagkakaisa ng mga independyenteng institusyon ng media upang itaguyod ang kalayaan sa pamamahayag at magsagawa ng mga naaangkop na kolektibong aksyon.

2. Viability ng Media

- ▶ Magsaliksik ng mga bago at posibleng maisagawang modelo ng pagnenegosyo at pagpopondo na makakatulong upang matiyak ang kaligtasan ng media at pagpapanatili nito sa mga panahon ng krisis. Dapat ding tumutugon ang mga ito sa pagbabago ng mga gawi at persepsyon ng publiko.
- ▶ Tiyakin ang kapakanan ng mga manggagawa sa media, kabilang ang pagbibigay ng sapat na sosyal, mental, at pisikal na mga proteksyon.
- ▶ Isulong ang pluralismo sa media at pagkakaiba-iba upang kontrahin ang konsentrasyon ng pagmamay-ari ng media.
- ▶ Palakasin ang mga aralin at pagsasanay sa media or media skills training na maaaring makatulong sa pagpapadali sa paglipat sa digital media ng mga organisasyon at sa mas mahusay at mas epektibong pag-uulat.
- ▶ Palawakin at paghusayin ang mga estratehiya sa content upang matiyak at mapanatili ang interes at aktibong paglahok ng publiko
- ▶ Paghusayin ang digital na seguridad para rin sa ikabubuti ng news outlets at sa publikong tumatangkilik rito

3. Kaligtasan ng mga Mamamahayag

- ▶ Himukin ang mga estado na tanggalin at ipawalang-bisa ang mga batas na nagdudulot ng mga banta sa media at karahasan laban sa mga mamamahayag.
- ▶ Ipanawagan ang pagpapatibay ng batas at iba pang mga patakaran na nagtitiyak sa kaligtasan ng mga mamamahayag pati na rin ng kanilang source o ng kanilang pinagkukunan ng impormasyon sa panahon at pagtapos ng anumang krisis.
- ▶ Magtakda ng mga alituntunin sa pagsusuri sa kaligtasan at mga panganib o safety at risk assessment procedures, sa loob ng mga organizasyon ng media, kasama na rin

ang pagpapatibay ng kanilang kapasidad, upang matiyak ang kaligtasan ng mga mamamahayag at ng kanilang source o pinagkukunan ng impormasyon. Bumuo ng mga mekanismo sa pamamahala sa loob ng mga organisasyon ng media upang matiyak ang sapat na suporta para sa mga mamamahayag sa panahon ng krisis.

- ▶ Kilalanin ang papel ng mga mamamahayag bilang mga frontline workers o manggagawa at bigyan sila ng nararapat na proteksyon at serbisyo.

Nilimbag ng Public Media Alliance
© Public Media Alliance 2021

Ang mga ideya at opinyon na ipinahayag sa publikasyong ito ay galing sa mga may may-akda ayon sa nauugnay na proyekto ng pananaliksik; hindi sila kinakailangang galing sa UNESCO, Public Media Alliance o Asia Democracy Network.

Nais pasalamatan ng PMA ang aming mga may-akda at partners sa pananaliksik para sa kanilang mga kontribusyon. Partikular na pasasalamat para sa UNESCO Bangkok Office at UNESCO IPDC para sa kanilang suporta.

Editors: Tess Bacalla and Laxman Datt Pant

Frontpage image: klenova / istock

Map vector: twenty1studio / Shutterstock.com

